

Maraming paraan ang paghingi ng tulong tungkol sa inyong serbisyo ng telepono o babayaran, tulad ng:

- Makipag-ugnayan sa inyong kompanya ng telepono.
- Makipag-ugnayan sa “CPUC.”
- Makipag-ugnayan sa “Federal Communications Commission.”



Kung kailangan ninyo ng tulong sa reklamo tungkol sa serbisyo ng telekomunikasyon o kuwenta, tumawag muna sa inyong kumpanya ng telepono. Kung hindi maareglo ang inyong problema, maaari kayong magsampa ng reklamo online sa: www.calphoneinfo.com o tumawag sa Hotline ng **Consumer Affairs Branch** (Sangay para sa mga Asunto ng Tagakonsumo) at ng **Utility Fraud** (Pandaraya Kaugnay sa mga Palingkurang-bayan) sa: **1(800) 649-7570**



CPUC

Who to Complain to? - Tagalog – May 2012

Kanino Magsusumbong?

KOMISYON NG
CALIFORNIA SA
MGA GAMIT
PAMPUBLIKO





Humingi ng tulong sa inyong kompanya ng telepono sa sandaling malaman ninyo na may suliranin

Makipag-ugnayan kaagad sa inyong kompanya ng telepono upang malutas ang inyong suliranin sa serbisyo ng telepono o sa inyong babayaran.

- Tawagan ang kompanya ng telepono sa pamamagitan ng walang bayad na numero ("toll free") na ukol sa serbisyong mamimili o sa pamamagitan ng "internet."
- Makipag-usap sa tagapangasiwa ("manager") kung kayo ay hindi nasiyahan sa pakikipag-usap sa kinatawan ng kompanya ("customer service representative"). Ang kawani na may mas mataas na katungkulan ay maaaring mas mayroong kapangyarihan na maiayos ang inyong suliranin.

Kanino Magsusumbong?

Humingi ng Tulong sa CPUC kung ang Inyong Kompanya ng Telepono ay Hindi Tumutulong sa Inyo

Maaaring maghain ng sumbong sa "CPUC Consumer Affairs Branch" pagkatapos na kayo ay makipag-ugnayan sa kompanya ng telepono at kayo ay hindi natulungan sa inyong suliranin. Ang CPUC ay makakatulong sa mga sumbong tungkol sa: serbisyo ng telepono, babayaran, anumang singil na hindi sinang-ayunan, o sa walang pahintulot na paglipat ng inyong serbisyo sa ibang kompanya ng telepono. Maaaring makipag-ugnayan sa CPUC sa pamamagitan ng telepono, "internet" o koreo.

Sa telepono	1-800-649-7570
Sa "Internet"	https://ia.cpuc.ca.gov/cimsapp/
Sa koreo	CPUC Consumer Affairs Branch 505 Van Ness Ave. San Francisco, CA 94102

Humingi ng Tulong sa Ibang Ahensiya kung ang CPUC ay Hindi Kayang Tumulong sa Inyo.

Kung ang kompanya ng telepono at ang CPUC ay hindi kayo natulungan, makipagugnayan sa "FCC" para sa mga katanungan tungkol sa mga tawag na galing o patungo sa ibang estado o sa ibang bansa. Makipagugnayan sa "FCC":

Sa "e-mail"	fccinfo@fcc.gov
Sa "Internet"	www.fcc.gov/cgb/complaints.html
Sa koreo	Federal Communications Commission Consumer & Govt. Affairs Bureau 445 12th Street, SW Washington, D.C. 20554
Sa fax	1-866-418-0232
Sa telepono	1-888-225-5322 TTY: 1-888-835-5322



Tandaan na kung minsan ay tumatagal ng ilang minuto bago makausap ang isang tao ng kompanya ng telepono kaya kayo ay tumawag kung kailan hindi nagmamadali.

Maghanda bago makipag-ugnayan sa kompanya. Tipunin ang inyong mga babayaran, resibo, o anumang kasulatan. Huwag kalimutang isulat kung kailan nakipag-ugnayan sa inyong kompanya, ang pangalan ng taong kinausap at kung ano ang sinang-ayunang gagawin para sa inyo.